SECTION 4: READING PROFICIENCY
Time -- 70 minutes
90 Questions (206 – 295)

NAME: ____________________________
SCHOOL: __________________________
SIMULATED EXAM – SET B

**Directions:** The reading passage is accompanied by a set of questions based on the passage and any introductory material that is given. Answer the questions according to what is stated or implied in the passage.

PASSAGE 1:

Babahagya ko nang sa noo nahagkan,
Sa mata ko'y luha ang nangag-unahan,
isang panyong puti ang ikinakaway
nang siya'y iwan ko sa tabi ng hagdan!...
Sa gayong kalungkot na paghihiwalay,
nalulumbay ako't siya'y nalulumbay!

Nang sa tarangkahan ako'y makabagtas,
pasigaw ang sabing "Umuwi ka agad,"
Ang sagot ko'y "Oo, hindi magluluwat!..."
Nakangiti ako, luha'y nalalaglag!
At ako'y nagtuloy, tinunton ang landas,
na kabyak ang puso't, naiwan ang kabyak...

Lubog na ang Araw, kalat na ang dilim
at ang Buwan nama'y ibig nang magningning;
Nakaurasyon na noong aking datnin
ang pinagsadya kong malayong lupain;
k'wagong nasa kubo't may ibong itim
ang nagsasalubong sa aking pagdating!

Sa pinto ng nar'ong tahana'y kumatok,
ako'y pinatuloy ng magandang loob;
kumain ng konti, natulog sa lungkot
na ang puso'y tila ayaw nang tumibok;
ang kawiakaan ko, pusong naglalagot,
tumigil kung ako'y talaga nang tulog!

Nang kinabukasang magawak ang dilim,
Araw'y namintanang mata'y nagniningning,
sinimulan ko na ang dapat kong gawin:
Ako'y nag-araro, naglinang, nagtanim,
nang magdi-Disyembre, tanim sa kaingin,
Ay ginapas ko na't sa irog dadalhin!

At umuwi akong taglay ko ang lahat,
mga bungangkahoy at sansakong bigas,
bulaklak ng damo sa gilid ng landas
ay sinisinop ko't panghandog sa liyag,
nang ako'y umalis siya'y umiiyak,
O! ngayon marahil siya'y magagalak!

At ako'y nagtulin halos lakad-takbo!
Sa may dakong ami'y mayroon pang musiko,
ang aming tahana'y masayang totoo
at ang panauhin ay nagkakagulo!
"Salamat sa Diyos!" ang naibigkas ko,
"nalalaman nila na darating ako!"

Ngunit, O! Tadhana! Pinto nang mabuksan,
ako'y napapikit sa aking namasdan!
apat na kandila ang nangagbabantay
sa paligid-ligid ng irog kong bangkay,
mukhang nakangiti at nang aking hagkan
ang parang sinabi'y..."Paalam! Paalam!"

- *Ang Pagbabalik*, Jose Corazon de Jesus

206. Sino ang persona sa loob ng tula?
A. taong patuloy na umaasa
B. taong humihingi ng pag-unawa
C. taong nawawalan ng pag-asa
D. taong nagtatrabaho malayo sa mahal sa buhay

207. Alin sa mga sumusunod ang mahihinuhang nagsasalita sa tula?
A. anak na naulila
B. asawang naulila
C. kapatid na napariwara
D. inang mapagmahal

208. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang hindi mahihinuha sa loob ng tula?
A. Sabik na umuwi ang persona sa piling ng kanyang minamahal.
B. Hindi alam ng persona na may karamdaman ang kanyang minamahal.
C. Hindi inaasahan ng persona ang pagkawala ng kanyang minamahal.
D. Labis na nalulungkot ang persona sa tuwing siya'y lalayo sa kanyang minamahal.

209. Ano ang ibig sabihin ng *magawak ang dilim*?
A. maghirap
B. magising
C. magliwanag
D. magkalat

210. Ano ang damdaming nakapaloob sa ika-anim na taludtod?
A. pananabik
B. panghihinayang
C. pagkalito
D. pamimintuho

211. Ano ang damdaming ipinahihiwatig sa kabuuan ng tula?
A. pagmamahal
B. kapaguran
C. pagdadalamhati
D. kabiguan

212. Alin sa mga sumusunod ang hindi ipinahihiwatig ng persona?
A. galit sa mga pangyayari
B. pananabik na muling makapiling ang kabiyak
C. labis na pagmamahal sa kabiyak
D. hinagpis sa kapalaran ng kabiyak

PASSAGE 2:

Not everyone flies. In fact, some people go to a good deal of trouble to avoid taking airplanes altogether. This attitude may be difficult to understand, particularly for veteran air travelers, who appreciate the benefits of airplane travel and could not accomplish half of what they do if they did not fly. Confirmed nonfliers, however, mention problems of air travel, and those most hostile to flying cite the dates and locations of airplane disasters. Yet in spite of complaints and some travelers' deep-seated fears of flying, air transport continues to offer a combination of convenience, speed, and safety unmatched by any other means of transportation.

Opponents of flying point out that air travel can be inconvenient. They maintain, for example, that passengers on closely connecting flights may have to wait several hours at their destinations before their luggage appears. Actually, though, airlines provide conveniences unparalleled anywhere else in the travel industry. Luggage is almost never lost or mishandled, and if it should be delayed, the airlines always arrange to deliver the luggage to the passenger. Statistics vary among airlines, but most confirm that only one passenger in ten thousand will suffer a loss or delay with baggage. Unlike train and bus stations, most airports also have set aside long-term parking areas where passengers can safely leave their cars for extended periods of time. In addition, most have rapid transfer systems, such as buses and carts, which conduct passengers and their luggage from the parking areas to the terminal. The airlines also relieve their customers of the burden of hauling their luggage with curbside check-in service.

Some people may say that flights are often delayed or cancelled, but such problems are really infrequent and do not lessen the overall speed of air travel. Even with an occasional few hours' delay, travel time by air is well ahead of travel by car, bus, or train. No one can deny that airplanes cut to a fraction the traveling time between two points. And for great distances, anything but air transport is inconceivable. Imagine spending three and one-half days of a short vacation or of a work week sitting on a bus between Washington, D.C., and San Francisco, when an airplane could have flown you from coast to coast in about five hours.

Despite the speed and convenience of air travel, however, many people are troubled by an overwhelming fear of flying, based quite understandably on the attention given to airplane crashes. But these events are truly rare, almost freakish occurrences. In fact, it is their rarity that makes them newsworthy. The chances of being involved in an airplane accident are miniscule for any air traveler. Those who ride in automobiles are one hundred times more likely to suffer injury than are air passengers, yet people ride in and drive automobiles every day. Most people do not realize that airplanes actually enjoy the best safety record of all the modes of travel, given the huge numbers of people they carry and the millions of miles they cover every year.

Clearly, flying makes traveling easier, faster, and safer than other methods of transportation. While those who shun airplanes constitute only a small percentage of travelers, they might be fewer still if they examined the facts and statistics. And if these people could conquer their fears enough to give flying a chance, they might make some pleasant discoveries. With veteran travelers, they might come to enjoy the automatic ramps that whiz passengers from one end of a terminal to another, the thrill of takeoffs, and the view of clean clouds, rainbow sunsets, and the earth curving thousands of feet below. These people would then know why they fly.

- *Why Fly?*, Prentice Hall Grammar and Composition 2

213. The author's main purpose in this passage is
A. to inform people about the convenience of traveling by air.

B. to persuade people to forget their fear of flying.
C. to explain the advantages and disadvantages of air travel.
D. to criticize people who fear air travel.

214. Which of the following is NOT cited in the passage?
A. Flying makes traveling faster.
B. Airlines provide conveniences unparalleled in the travel industry.
C. Air travel costs more than any other mode of transportation.
D. Airplanes enjoy the best safety record of all the modes of travel.

215. According to the passage, which of the following is TRUE?
A. Air traveling is much more expensive than driving.
B. Opponents of flying have never traveled by air.
C. The rarity of airplane crashes is what makes them newsworthy.
D. Most airplane crashes are caused by the huge number of people they carry.

216. Which of the following statements would the author be likely to agree with?
A. People must be forced to board planes.
B. Airplanes should be the basic mode of transportation.
C. Flying makes travel experience more enjoyable.
D. People who fear flying have known someone die of plane crash.

217. According to the passage, those who ride in automobiles
A. have not traveled by air even once.
B. are one hundred times more likely to suffer injury than are air passengers.
C. are most likely victims of delayed or cancelled flights.
D. enjoy traveling long distances by land.

218. It can be inferred from the passage that
A. the author works for an airline company.
B. the author enjoys the convenience brought by air travel.
C. the author has never traveled by land.
D. the author has suffered injury through land travel.

219. Which of the following best summarizes the passage?
A. Airlines provide conveniences not provided in other modes of travel.
B. The chances of being involved in an airplane accident are miniscule for any air traveler.
C. For great distances, anything but air transport is inconceivable.
D. Flying makes traveling easier, faster, and safer than other methods of transportation.

PASSAGE 3:

Ang ningning ay nakasisilaw at nakasisira sa paningin. Ang liwanag ay kinakailangan ng mata, upang mapagwari ang buong katunayan ng mga bagay-bagay.

Ang bubog kung tinatamaan ng nag-aapoy na sikat ng araw ay nagniningning; ngunit sumusugat sa kamay ng nagaganyak na dumampot.

Ang ningning ay madaya.

Ating hanapin ang liwanag, tayo'y huwag mabighani sa ningning. Sa katunayan ng masamang kaugalian: Nagdaraan ang isang karwaheng maningning na hinihila ng kabayong matulin. Tayo'y nagpupugay at ang isasaloob ay mahal na tao ang nakalulan. Datapwa'y marahil naman ay isang magnanakaw; marahil sa ilalim ng kanyang ipinatatanghal na kamahalan at mga hiyas na tinataglay ay natatago ang isang pusong sukaban.

Nagdaraan ang isang maralita na nagkakanghirap sa pinapasan. Tayo'y mapapangiti at isasaloob: Saan kaya ninakaw? Datapwa'y maliwanag nating nakikita sa pawis ng kanyang noo at sa hapo ng kanyang katawan na siya'y nabubuhay sa sipag at kapagalang tunay.

Ay! Sa ating pang-uga-ugali ay lubhang nangapit ang pagsamba sa ningning at pagtakwil sa liwanag.

Ito na nga ang dahilang isa pa na kung kaya ang tao at ang mga bayan ay namumuhay sa hinagpis at dalita.

Ito na nga ang dahilan na kung kaya ang mga loob na inaakay ng kapalaluan at ng kasakiman ay nagpupumilit na lumitaw na maningning, lalung-lalo na nga ang mga hari at mga pinuno na pinagkatiwalaan ng sa ikagiginhawa ng kanilang mga kampon, at walang ibang nasa kundi ang mamalagi sa kapangyarihan sukdang ikainis at ikamatay ng Bayan na nagbigay sa kanila ng kapangyarihang ito.

Tayo'y mapagsampalataya sa ningning; huwag nating pagtakhan na ang ibig mabuhay sa dugo ng ating mga ugat ay magbalatkayo ng maningning.

Ay! Kung an gating dinudulugan at hinahainan ng puspos na galang ay ang maliwanag at magandang-asal at matapat na loob, ang kahit sino ay walang mapagningning pagkat di natin pahahalagahan, at ang mga isip at akalang ano pa man ay hindi hihiwalay sa maliwanag na banal na landas ng katwiran.

Ang kaliluhan at ang katampalasanan ay humahanap ng ningning upang huwag mapagmalas ng mga matang tumatanghal ang kanilang kapangitan; ngunit ang kagalingan at ang pag-ibig na dalisay ay hubad, mahinhin, at maliwanag na napatatanaw sa paningin.

Ang lumipas na pinapanginoon ng Tagalog ay labis na nagpapatunay ng katotohanan nito.

Mapalad ang araw ng liwanag!

Ay! Ang anak ng Bayan, ang kapatid ko, ay matututo kayang kumuha ng halimbawa at lakas sa pinagdaanang mga hirap at binatang mga kaapihan?

- *Ang Ningning at Ang Liwanag*, Emilio Jacinto

220. Ano ang nais iparating ng may-akda sa ika-apat at ika-limang talata?
   A. Likas sa tao ang paghanga at pag-imbot sa tagumpay ng kapwa.
   B. Likas sa tao ang paghamak sa kapintasan ng kapwa.
   C. Likas sa tao ang paghusga sa iba batay sa panlabas na kaanyuan at katayuan sa buhay.
   D. Likas sa tao ang pagiging mapagmataas.

221. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan sa saloobin ng manunulat?
   A. paghanga sa taong nagsisikap na magtagumpay sa buhay
   B. pag-imbot sa mga mahal na tao
   C. awa sa mararalita
   D. pagkadismaya sa pagsamba ng tao sa mga materyal na bagay

222. Alin sa mga sumusunod na kaisipan ang hindi ipinahahayag sa teksto?
   A. Ang mga mahal na tao ay hindi kailanman gumagawa ng di mabubuting bagay.
   B. Tayo bilang mga tao ay pumapanig sa kapangyarihan at kayamanan, hindi sa kabutihan.
   C. Kailangan natin ang liwanag upang malaman ang katotohanan.
   D. Patuloy na naghihirap ang ating bayan dahil sa pagkiling natin sa mga materyal na bagay.

223. Ano ang layunin ng may-akda sa pagsusulat ng kanyang sanaysay?
   A. hamunin ang mga hari at pinunong walang ibang nasa kundi ang ikabubuti ng sarili
   B. bigyang-papuri ang mga taong patuloy na nagsisikap upang magtagumpay
   C. ipaliwanag ang kabutihang dulot ng pagtitiwala sa ating mga pinuno
   D. hikayatin ang mga tao na mas maging mapagmatyag tungo sa kagalingang-panlahat

224. Ayon sa akda, ano ang dahilan ng pagnanais ng mga pinuno na mamalagi sa kapangyarihan?
   A. Nais nilang sila ay patuloy na sambahin ng mga mamamayan.
   B. Nais nilang patuloy na maghari at gawin ang anumang nais nila.
   C. Nais nilang guminhawa ang kanilang buhay, at ang kanilang mga kapanalig.
   D. Nais nilang patuloy na maglingkod sa bayan.

225. Ano ang nais ipakahulugan ng may-akda sa unang pangungusap?
   A. Nakabubulag ang labis na kayamanan at kapangyarihan.
   B. Walang buting maidudulot ang kapangyarihan at kayamanan.
   C. Ang kapangyarihan at kayamanan ay maaaring maging sanhi ng kamalian, ng maling mga desisyon at paghusga.
   D. Hindi nakikita ng taong mapanaghili sa kayamanan at kapangyarihan ng iba kung ano ang tama o mali.

226. Ang *kaliluhan* ay nangangahulugang
   A. kalapastanganan.
   B. paghihikahos.
   C. kataksilan.
   D. kapalaluan.

PASSAGE 4:

Isa sa mga salitang napag-aralan natin sa wikang Pilipino ay ang salitang nabansot. Kapag ang isang bagay raw ay dapat pang lumaki ngunit ito'y tumigil na sa paglaki, ang bagay na ito raw ay nabansot. Marami raw uri ng pagkabansot, ngunit ang pinakamalungkot na uri raw ay ang pagkabansot ng isipan, ng puso, at ng diwa.

Ang panahon ng kabataan ay panahon ng paglaki, ngunit ang ating paglaki ay kailangang paglaki at pag-unlad ng ating buong katauhan, hindi lamang ng ating sukat at timbang. Kung ga-poste man ang ating taas at ga-pison man ang ating bigat, ngunit kung ang pag-iisip naman nati'y ga-kulisap lamang, kay pangit na kabansutan.

Kung tumangkad man tayong tangkad-kawayan, at bumilog man tayong bilog-tapayan, ngunit kung tayo nama'y tulad ni "Bondying" na di mapagkatiwalaan – anong laking kakulangan. Kung magkakatawan tayong katawang "Tarzan" at mapatalas ang ating isipang sintalas ng kay Rizal, ngunit kung ang ating kalooban nama'y itim na duwende ng kasamaan – anong kapinsalaan para sa kinabukasan.

Kinabukasan. Kabataan, tayo raw ang pag-asa ng Inang Bayan. Tayo raw ang maghahatid sa kanya sa langit ng kasaganaan at karangalan, o hihila sa kanya sa putik ng kahirapan at kahihiyan. Ang panahon ng pagkilos ay ngayon, hindi bukas, hindi sa isang taon. Araw-araw ay tumutuwid tayong palangit o bumabaluktot tayong paputik. Tamang-tama ang sabi ng ating mga ninunong kung ano raw ang kinamihasnan ay siyang pagkakatandaan. Huwag nating akalaing makapagpapabaya tayo ng ating pag-aaral ngayon at sa araw ng bukas ay bigla tayong magiging mga dalubhasang magpapaunlad ng bayan. Huwag nating akalaing makapandaraya tayo ngayon sa ating mga pagsusulit, makakupit sa ating mga magulang at mahiwagang araw ng bukas makakaya nating balikatin ang mabibigat na suliranin ng ating bansa. Huwag nating akalaing mapaglulublob tayo ngayon sa kalaswaan at kahalayan, at sa mahiwagang araw ng bukas bigla tayong magiging ulirang mga magulang.

Kabataan, ang tunay na pag-ibig sa bayan, ang tunay na nasyonalismo, ay wala sa tamis ng pangarap, wala rin sa pagpag ng dila. Ang tunay na pag-ibig ay nasa pawis ng gawa.

- *Sa Kabataan*, Onofre Pagsanghan

227. Anong uri ng pagkabansot ang ibig tukuyin ng may-akda?
   A. pagkabansot ng paglaki
   B. pagkabansot ng pang-unawa
   C. pagkabansot ng isipan, ng puso, at ng diwa
   D. pagkabansot ng karunungan at kaalaman

228. Bakit sinabing ang pagkabansot ng isipan, puso, at diwa ang pinakamalungkot na uri ng pagkabansot?
   A. Hindi tayo matututong makipag-kapwa kung tayo ay kulang sa tamang pag-iisip.
   B. Kung hindi tayo mapagkakatiwalaan ay hindi nanaisin ng ating kapwa na tayo ay makasama.
   C. Maghahatid ng pinsala sa ating bayan kung ang ating puso at diwa ay puno ng kabuktutan.
   D. Ang pag-unlad ng katauhan ang makatutulong sa atin, sa ating kapwa, at sa ating bayan.

229. Ang layunin ng may-akda sa pagsulat ng sanaysay ay
   A. ipaliwanag ang iba't ibang uri ng pagkabansot.
   B. bigyang-diin na hindi sapat ang lumaki sa sukat, timbang, at kaalaman.
   C. gisingin ang kabataan at ipaalala kung ano ang dapat na bigyang-halaga sa buhay.
   D. ipaalala sa kabataan ang kahalagahan ng pagmamahal sa bayan.

230. Ayon sa akda, ang ating paglaki ay
   A. kailangang paglaki at pag-unlad ng ating buong katauhan.
   B. nararapat na paglaki at pag-unlad ng ating buong katauhan, lalo na ng ating sukat at timbang.
   C. dapat nating pangalagaan upang tayo ay hindi mabansot.
   D. tanda ng ating kahandaan sa paglilingkod sa ating bayan.

231. Alin sa mga sumusunod ang hindi ipinahahayag sa teksto?
   A. Ayon sa ating mga ninuno, kung ano ang nakasanayan nating gawin ay mananatili hanggang sa tayo ay tumanda.
   B. Ang kabataan ang maghahatid sa ating bayan sa karangalan o sa kahihiyan.
   C. Hindi natin dapat bigyang halaga ang pisikal nating paglaki.
   D. Napakalaking kakulangan kung tayo ay tumangkad at bumilog, ngunit hindi mapagkakatiwalaan.

232. Ano ang nais ipahiwatig ng may-akda nang sabihin niyang "ang tunay na pag-ibig sa bayan ay wala sa tamis ng pangarap, wala rin sa pagpag ng dila kundi nasa pawis at gawa"?
A. Ang pagmamahal sa bayan ay masusukat sa dami ng ating nagawa para dito.
B. Hindi nating kailangang ipahayag ang ating pagmamahal at pagmamalasakit sa ating bayan.
C. Hindi sapat na ipahayag natin ang pagmamahal natin sa bayan, dapat ay ipakita natin ito sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na makabubuti sa ating bansa.
D. Ang ating mga pangarap at gawain ay dapat nating ialay sa ating dakilang bayan.

233. Ang pinakamahalagang tanda ng paglaki ay
A. ang pagtitiwala natin sa ating sarili.
B. ang pagiging handa natin sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay.
C. ang pag-unlad ng ating buong katauhan.
D. ang pagiging handa nating magsilbi nang buong puso sa ating bayan.

PASSAGE 5:

Ang tao sa kanyang kabataan pa lamang ay dapat nang kakitaan at karinggan ng kanyang paninindigan bilang isang mamamayan. Matuto siyang magbulay-bulay ng mga bagay-bagay sa kanyang paligid lalo't nahihinggil sa kalayaan, katahimikan, at kaunlaran ng bayan. Ang kapansanan ay di sagwil upang makapaglingkod sa inang-bayan.

Nangingiti kayo, sapagkat narito ako sa inyong harapan. Nagbubuka ako ng bibig at pilit kong pinalalaki ang aking maliit na tinig!

Tunay, ako'y musmos pa lamang kung inyong pagmamasdan. Subalit ang aking puso ay singhugis at sinlaki na rin ng inyong puso. Ang aking dibdib ay sintibay na rin ng inyong dibdib. Pahat man ang aking diwa ay nakauulinig ang aking pandinig at nakakikita ang aking mga mata. Nadarama ko ang agay-ay ng hangin, ang init ng araw, ang pintig ng buhay. Nalalasahan ko ang linamnam ng ligaya at tamis ng tuwa. Nananamnam ko ang pait ng apdo at saklap ng dalamhati. Nahuhulo ko na rin ang ganda ng kabutihan at kapangitan ng kasamaan.

Kahapon ay nasaksihan ko kung papaanong inakay ng isang batang lalaki ang isang matandang ina. Sa kalaparan ng mataong lansangan ay tumawid sila; at ang matanda ay nailayo sa panganib at kamatayan. Aniko sa sarili, gayundin ang dapat kong gawin!

Ngunit kanina sa tindahan ng Intsik sa panulukan ay nanghilakbot ako sa king nakita. May binatilyong kagaya ko, datapwa't may hawak na bote ng alak at sa mga bulang kanilang nilalagok ay unti-unti silang nangawala sa kanilang sari-sarili. Maya-maya pa'y naghalibasan sa isa't isa. Ang ilan ay nangalugmok at nangahandusay. Ang iba nama'y sugatang nagsipanakbuhan. O! kasuklam-sukmal na panoorin... Naibulong ko na lamang: A, hindi ko sila dapat pamarisan!

Katutunghay ko pa lamang sa pahayagang ngayon na aking dala. Isang panawagan sa kabataan ang magpatala upang ihanda ang kanilang sarili sa pagsasanggalang sa kalagayan ng bayan. Kaya naman ako... akong nabibilang sa kabataan ay naririto ngayon at dumudulog sa inyo. Opo, ako... akong si Magiting ay naririto upang ilaan ang aking sarili sa paglilingkod sa Lupang Tinubuan!

Bakit kayo nangingiti? Bakit nga? Bakit ninyo ako pinagmamasdan mula paa hanggang ulo? Mula ulo hanggang paa? Bakit? A! dahil ba sa ako'y isang pilay? At putol ang isang paa? Iyan ba ang dahilan kung bakit nag-aatubili kayong ako ay tanggapin? Iyan ba ang sanhi kung bakit minamaliit ninyo ang aking alok na paglilingkod?

Mga ginoo, nagkakamali kayo! Ako'y naririto upang magpatala – upang lumaban; hindi upang tumakbo!

- *Ako si Magiting*, Consolacion P. Conde

234. Anong uri ng katauhan ang maaaninag kay Magiting batay sa kanyang talumpati?
A. isang kabataang sa kabila ng kapansanan ay handang gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang mabuting mamamayan
B. isang kabataang takot na mapariwara sa buhay
C. isang kabataang hindi takot magpahayag ng kanyang damdamin at saloobin

D. isang kabataang nakaaalam ng tunay na pangyayari sa paligid at handang gawin ang lahat upang siya ay hindi maligaw ng landas

235. Paano nakatulong sa paglago ni Magiting bilang tao ang dalawang magkasalungat ng pangyayaring kanyang nasaksihan?
A. Namulat ang kanyang isipan sa mga pangyayari sa kanyang kapaligiran, at napagtanto niya kung ano ang nararapat niyang gawin.
B. Natuklasan niya ang epekto ng pag-inom ng alak, hindi lamang sa katawan kundi maging sa pag-iisip.
C. Napagtanto niya na sa panahon ngayon ay mayroon pa ring mga kabataang nagpapahalaga sa kanilang mga magulang.
D. Naging panatag ang kanyang kalooban na maaaring sa pagtanda niya ay gagabayan at poprotektahan din siya ng kanyang magiging anak.

236. Ano ang binalak gawin ni Magiting nang mabasa niya sa pahayagan ang panawagan sa mga kabataan upang maglingkod sa bayan?
A. tumakbo bilang isang opisyal ng gobyerno
B. umakto na wala siyang nabasa
C. tumugon sa panawagan sa kabataan na magpatala
D. lumapit sa kinuukulan at ipahayag ang kanyang saloobin

237. Anong damdamin mayroon si Magiting sa kanyang pahayag na "Kaya naman ako…akong nabibilang sa kabataan ay naririto ngayon at dumudulog sa inyo! Opo, ako…akong si Magiting ay naririto upang ilaan ang aking sarili sa paglilingkod sa Lupang Tinubuan"?
A. pag-aalala
B. pagsusumamo
C. pag-aalinlangan
D. pagmamalaki

238. Ano ang ibig sabihin ng *sagwil* sa tula?
A. suliranin
B. hadlang
C. sagot
D. tulong

239. Sa nabasang akda, alin sa mga sumusunod ang maipalalagay nating tama?
A. Isang hadlang sa paglilingkod sa bayan ang kapansanan ni Magiting.
B. Hindi nakikitang dahilan ni Magiting ang kanyang kapansanan upang maging hadlang sa kanyang paglilingkod sa bayan.
C. Ang mga kabataan, lalo na ang mga may kapansanan, ay hindi naniniwalang sa murang edad nila ay makapaglilingkod na sila sa bayan.
D. Hindi mulat ang mga kabataan ngayon sa mga pangyayari sa kapaligiran na maka-iimpluwensiya sa kanilang kinabukasan.

240. Ano ang nais ipakahulugan ni Magiting sa ikatlong talata?
A. Sa kabila ng kanyang kabataan ay hindi lingid sa kanya ang mga pangyayari sa kanyang paligid.
B. Nalalaman na niya ang lahat ng bagay sa mundo.
C. Alam na niya ang tama at mali.
D. Hindi na siya batang kailangang protektahan sa lahat ng pagkakataon.

PASSAGE 6:

Ang tao ay nagtataglay ng tatlong katangian kaya siya ang pinakadakila sa nilalang ng Diyos. Nilikha ng Diyos ang mga halaman at ang mga ito ay may kaluluwang panghalaman, na maaaring mabuhay, lumaki, yumabong at magpakarami. Nilalang din ng Diyos ang mga hayop at ang mga ito ay nagtataglay rin ng kaluluwang "vegetalia" datapwat nakadarama. Ang hayop ay maari ring mabuhay, lumaki at magpakarami, bilang karagdagan, pinagkalooban siya ng kaluluwang nakararamdam. Nadarama ng hayop ang lahat ng bagay na natambad sa kanyang sintido o sangkap na pandama.

Ang tao ay nilikha na may kaluluwang panghalaman at may kaluluwang pandamdam, datapwat bilang karagdagan sa dalawang katangiang ito, siya ay pinagkalooban ng kaluluwang ispiritual. Sa pamamagitan nito, bukod pa siya ay maaring mabuhay, lumaki at magpakarami, pinagkalooban pa rin siya ng katalinuhan, at kalayaan na piliin ang bawat ibig ayon sa itinatadhana ng kanyang kalooban.

Sa kalayaang nasabi, maari siyang gumawa ng mabuti at masama. Sa katotohanang iyan, ang katangiang nagpadakila sa kanya, na maging malaya ay kakambal naman ang isang kapanagutan sa kanyang mga gawain. Dito naiaakma at mailalapat ang katarungan, na sapagkat siya ay nakagawa naman ng kabuktutan at lihis sa mabuting asal, karampatang nalalaan naman sa kanya ang kaparusahan.

241. Ayon sa sanaysay, ang tao ay
   A. nilikha para sa lahat.
   B. ang pinakadakila sa lahat.
   C. hindi mabubuhay kung wala ang lahat.
   D. kakaiba sa lahat.

242. Sa pangungusap na *"Dito naiaakma at mailalapat ang katarungan, na sapagkat siya ay nakagawa naman ng <u>kabuktutan</u> at lihis sa mabuting asal, karampatang nalalaan naman sa kanya ang kaparusahan."*, ang salitang sinalungguhitan ay nangangahulugang
   A. kapalpakan
   B. kabalisahan
   C. katuturan
   D. kasamaan

243. Anong uri ng teksto ang binasa?
   A. ekspositori
   B. naratibo
   C. argumentatibo
   D. destriptibo

244. Ano ang kaisipang nangingibabaw sa ikatlong talata ng tekstong binasa?
   A. Ang tao ay indibidwal na bukod na pinagpala ng Diyos sa lahat ng nilikha.
   B. Ang tao ang siyang pag-asa ng lahat ng nilikha ng Diyos.
   C. Ang tao ay biniyayaan ng kalayaan upang gawin ang alam niyang naaayon at ang bawat gawain ay may kaakibat na kapalit.
   D. Ang tao ay nagkakamali rin at may karampatang parusa ang bawat kasalanan.

<u>PASSAGE 7:</u>

| RUTA | ARAW | ORAS |
|---|---|---|
| Cebu – Manila | Lunes | 6:45 n.u. |
| Cebu – Manila | Martes | 9:45 n.u. |
| Cebu – Manila | Huwebes | 9:45 n.u. |
| Cebu – Manila | Biyernes | 9:15 n.u. |
| Manila – Cebu | Miyerkules | 7:45 n.g. |
| Manila – Cebu | Huwebes | 10:45 n.g. |
| Manila – Cebu | Biyernes | 6:45 n.g. |
| Manila – Cebu | Linggo | 8:45 n.u. |
| Cebu – Cagayan de Oro | Lunes | 9:45 n.u. |
| Cebu – Cagayan de Oro | Huwebes | 8:45 n.g. |
| Cebu – Cagayan de Oro | Sabado | 9:15 n.g. |
| Cagayan de Oro – Cebu | Lunes | 10:45 n.g. |
| Cagayan de Oro – Cebu | Miyerkules | 11:15 n.g. |
| Cagayan de Oro – Cebu | Biyernes | 10:15 n.u. |
| Cebu – Nasipit | Sabado | 9:15 n.g. |
| Nasipit – Cebu | Martes | 5:45 n.u. |
| Cebu – Zamboanga | Biyernes | 11:59 n.g. |
| Zamboanga – Cebu | Linggo | 10:15 n.g. |
| Cebu – Cotabato (via Zamboanga) | Biyernes | 11:59 n.g. |

| | | |
|---|---|---|
| Cotabato – Cebu (via Zamboanga) | Linggo | 10:45 n.u. |

245. Anong mga araw may byahe ng gabi patungong Cebu?
   A. Lunes, Martes, Huwebes, Sabado, at Linggo
   B. Lunes, Miyerkules, Biyernes, at Linggo
   C. Martes, Miyerkules, Sabado, at Linggo
   D. Lunes, Miyerkules, Huwebes, Biyernes, at Linggo

246. Anong mga araw may barkong bumabyahe ng 10:45 n.g.?
   A. Biyernes at Linggo
   B. Lunes at Huwebes
   C. Sabado at Linggo
   D. Miyerkules at Sabado

247. Ilang biyahe ng barko mayroon ang Super Ferry Shipping Lines tuwing Linggo?
   A. 5 B. 2 C. 4 D. 3

248. Saang lugar may pinakamaraming byahe ang Super Ferry Shipping Lines?
   A. Cebu
   B. Manila
   C. Cagayan de Oro
   D. Zamboanga

249. Anong oras ang byahe mula Nasipit patungong Cebu?
   A. 6:45 n.g. B. 10:15 n.g. C. 5:45 n.u. D. 11:15 n.g.

250. Ilang araw nagkakaroon ng byaheng Cebu-Cagayan de Oro?
   A. 8 B. 3 C. 5 D. 4

PASSAGE 8:

Once upon a time, son,
they used to laugh with their hearts
and laugh with their eyes:
but now they only laugh with their teeth,
while their ice-block-cold eyes
search behind my shadow.

There was a time indeed
they used to shake hands with their hearts:
but that's gone, son.
Now they shake hands without hearts
while their left hands search
my empty pockets.

'Feel at home!' 'Come again':
they say, and when I come
again and feel
at home, once, twice,
there will be no thrice –
for then I find doors shut on me.

So I have learned many things, son.
I have learned to wear many faces
like dresses – homeface,
officeface, streetface, hostface,
cocktailface, with all their conforming smiles
like a fixed portrait smile.

And I have learned too
to laugh with only my teeth
and shake hands without my heart.
I have also learned to say, 'Goodbye',
when I mean 'Good-riddance':
to say 'Glad to meet you',
without being glad; and to say 'It's been
nice talking to you', after being bored.

But believe me, son.
I want to be what I used to be
when I was like you. I want
to unlearn all these muting things.
Most of all, I want to relearn
how to laugh, for my laugh in the mirror
shows only my teeth like a snake's bare fangs!

So show me, son,
how to laugh; show me how
I used to laugh and smile
once upon a time when I was like you.

- *Once Upon a Time*, Gabriel Okara

251. To whom is the poem addressed?
   A. People nowadays
   B. The author's son
   C. Disrespectful suitors
   D. Noble men of yesterday

252. Okara contrasts the past with the present. What does this signify?

A. People before laughed with their hearts. Now, their laughter lacks warmth and spirit.
B. Once, showing hospitality to guests was a common thing. But these days, no one wants visitors.
C. Hypocrisy and pretensions are the salient features of human behavior today.
D. The concept of friendship is not what it used to be.

253. Is this poem a criticism of modern life?
A. No, because people are still the same as they were.
B. No, because people still act accordingly on the situations they are faced with.
C. Yes, because people's morals and manners have declined over time.
D. Yes, because people's behaviors are just superficial.

254. The poet addresses the poem to his son because of the following EXCEPT
A. he sees his own past in him.
B. to show that once upon a time, morals and values dominated the world of human beings.
C. he wants him to maintain simplicity, openness of the heart and innocence.
D. to show that people change.

255. What does the description "laugh with their teeth" illustrate?
A. ignorance
B. mocking
C. indifference
D. insincerity

PASSAGE 9:

Insofar as man is an animal, he lives by struggle, he lives at the expense of others whom he fears and hates. Life then is war.

Peace is much harder to define. Peace is neither an original paradisiacal (a state possessing extreme delight) state nor a form of co-existence by mutual consent. Peace is something we can only sense and search for. True peace is more difficult and unusual than any other achievement even for two persons who live together and need each other.

For thousands of years we have known the mighty and fundamental maxim: "Thou shalt not kill." Yet we have created a science and technology that manufactures explosives and poison gases.

Many believe that the last war set in motion such a gigantic mechanism of horror that future generations would be frightened of ever making war again. But opinion is absolutely mistaken. Fear teaches men nothing. If men enjoy killing, no memory of war will deter them. Nor will the knowledge of the material damage wrought by war.

That is why I believe that world peace cannot be brought about by preaching, organization, and propaganda, just as a philosopher's stone cannot be invented by a congress of chemists. What then can give rise to a true spirit of peace on earth? Not commandments and not practical experience. Like all human progress, the love of peace must come from knowledge which may be seen and formulated in a thousand different ways. But it must always embody one truth: the knowledge of the living substance in each of us, of the secret magic, the secret godliness that each of us bears within him. Where that supreme knowledge is present (as in Jesus, Buddha, Plato, or Lao-Tzu), a threshold is crossed beyond which miracles begin. There, war and enmity cease. An enemy becomes a brother; death becomes birth; disgrace, honor; calamity, good fortune.

What I am saying is self-evident. But just as every soldier shot to death is the eternal repetition of an error, so the truth must be repeated forever and ever in a thousand forms.

- *War and Peace*, Herman Hesse

256. According to the passage, what can bring world peace?
A. love
B. trust
C. knowledge
D. belief

257. What does the statement "*Life is war*" mean?
A. We always fight with each other.
B. We all enjoy hurting each other.
C. We live in constant struggle to survive.
D. Only the greatest and the bravest survive.

258. The author states all of the following EXCEPT
A. Man lives at the expense of others.
B. World peace is unattainable.
C. Fear teaches men nothing.
D. Peace is hard to define.

259. What is the author’s purpose in comparing world peace to a philosopher’s stone?
   A. World peace requires several processes.
   B. World peace and a philosopher’s stone can only be attained through a miracle.
   C. World peace, like a philosopher’s stone, is something mankind has been seeking for thousands of years.
   D. World peace costs too high a price to be able to achieve.

260. What does the author mean in the fourth paragraph?
   A. Man fears the damage wrought by war.
   B. Man’s search for peace necessitates the occurrence of war.
   C. Man enjoys killing, that he seeks war himself.
   D. Fear doesn’t encumber man from war.

261. Which of the following statements would the author be likely to agree with?
   A. As long as men believe that killing is a means of survival, war will never cease to exist.
   B. Men do not fear war.
   C. Men act nonchalantly to damages wrought by war.
   D. Propaganda and preaching can give rise to a true spirit of peace on earth.

<u>PASSAGE 10:</u>

(1) You see this gentle stream, that glides,
(2) Shoved on, by quick-succeeding tides:
(3) Try if this sober stream you can
(4) Follow to th’ wilder ocean,
(5) And see, if there it keeps unspent
(6) In that congesting element.
(7) Next, from that world of waters, then
(8) By pores and caverns back again
(9) Induct that inadultrate same
(10) Stream to the spring from whence it came.
(11) This with a wonder when ye do,
(12) An easy, and else easier too:
(13) Then may ye collect the grains
(14) Of my particular remains,
(15) After a thousand lusters hurled,
(16) By ruffling winds, above the world.

— *Proof to No Purpose*, Robert Herrick (1591-1674)

262. The theme of this poem addresses the subject of
   A. water cycles.
   B. life cycles.
   C. seasons and weather of the world.
   D. the instabilities of life.

263. As seen in lines 3 to 5, the speaker’s attitude toward the silent auditor seems to be somewhat
   A. mocking.
   B. challenging.
   C. loving.
   D. deferential.

264. Within the context of the poem, the speaker’s “remains” in line 14 can be seen as his
   I. work left to be done.
   II. remnant of material possessions.
   III. dead body.
   IV. surviving writings.
   A. I only
   B. II, III, and IV only
   C. II and III only
   D. III and IV only

265. As the word is used in line 14, “particular” describes the speaker’s “remains” as all the following EXCEPT
   A. apart from others.
   B. personal.
   C. special rather than general.
   D. precise.

266. Figuratively, the stream represents
   A. part of the water cycle.
   B. the source for the ocean.
   C. people in a state of innocence.
   D. literary works.

267. Which literary device is used in line 3?
   A. Parody
   B. Allusion
   C. Personification
   D. Assonance

268. In the title, “to No Purpose” means
A. irrelevant.
B. unresolved.
C. untalented.
D. misdirected.

PASSAGE 11:

My mistress’ eyes are nothing like the sun;
Coral is far more red than her lips’ red;
If snow be white, why then her breasts are dun;
If hairs be wires, black wires grow on her head.
I have seem roses damask’d, red and white,
But no such roses see I in her cheeks;
And in some perfumes is there more delight
Than in the breath that from my mistress reeks.
I love to hear her speak,—yet well I know
That music hath a far more pleasing sound;
I grant I never saw a goddess go,—
My mistress, when she walks, treads on the ground;
And yet, by heaven, I think my love as rare
As any she bely’d with false compare

— *Sonnet 130*, William Shakespeare (1564-1616)

269. Shakespeare’s sonnet 130 is
A. a satire on the deficiencies of the speaker’s mistress.
B. a belittling of a loved one for the amusement of friends.
C. a playful expression of faults to irritate the lady.
D. a tribute to the uniqueness and beauty of the speaker’s mistress.

270. By “false compare” the speaker means that
A. the conventional praises of mistresses by poets are romantic lies.
B. to win love one must compare the charms of mistresses with the beauties in nature.
C. the women whom men love must be worshipped as goddesses.
D. love poetry must abound in hyperbole.

271. The speaker in Shakespeare’s sonnet
A. reveals the lack of love for his mistress.
B. is an arrogant and egoistic lover.
C. envies the verbal dexterity of his fellow poets.
D. raises the reader’s suspicions about his feelings and then tells honestly how he feels.

272. The true intent of the speaker is revealed best by
A. the outrageousness of his metaphors.
B. his imaginative conceits.
C. the subtle nuances in each description.
D. the contrast between the first twelve lines and the last two.

273. The essential element of this sonnet is
A. praise of a mistress.
B. search for the blemishes in a loved one.
C. a lover’s compromise with reality.
D. mockery of a convention in love poetry.

PASSAGE 12:

(1)On the other side, heat and vivacity in age is an excellent composition for business. Young men are fitter to
(2)invent than to judge, fitter for execution than for counsel, and fitter for new projects than for settled
(3)business. For the experience of age, in things that fall within the compass of it, directeth them, but in new
(4)things abuseth them. The errors of young men are the ruin of business; but the errors of aged men amount
(5)but to this, that more might have been done, or sooner. Young men, in the conduct and manage of actions,
(6)embrace more than they can hold; stir more than they can quiet; fly to the end, without consideration of the
(7)means and degrees; pursue some few principles which they have chanced upon absurdly; care not to
(8)innovate, which draws inconveniences; use extreme remedies at first; and, that which doublet all errors, will
(9) not acknowledge or retract them; like an unready horse that will neither stop nor turn.

274. What does the author mean in lines 2-3 when he writes, “Young men are fitter to invent than to judge, fitter for execution than for counsel, and fitter for new projects than for settled business”?
A. Young men are better thinkers, doers, and projects innovators than older men.

B. Older men are better suited to assess, counsel, and determine new ventures.
C. Young men are better thinkers and doers but older men are more effective project innovators.
D. The young are better suited for those areas demanding less wisdom, less negotiation, and more physical exertion.

275. What does the author mean in lines 3-4 when he writes, "For the experience of age, in things that fall within the compass of it, directeth them, but in new things abuseth them"?
A. Experience learned over time may be insightful when dealing with new areas as historical knowledge may be applied to these new areas.
B. New experiences may be an actual detriment when it comes to items involving new areas.
C. New experiences can refresh business direction rather than past lessons learned.
D. Experience learned over time may be usefully applied in areas where the experience was learned but becomes a hindrance when new areas are encountered.

276. As established in the passage, which comparative would best describe the assessment of young to older men in business?
A. Methodical versus hardened
B. Brash versus seasoned
C. Stately versus unruly
D. Diplomatic versus harried

277. What does the author mean with the phrase, "like an unready horse that will neither stop nor turn," in line 9?
A. He is comparing a young man to a horse that is either too young or inadequately trained and therefore will not yield or follow instruction.
B. He is praising the tenacity of the young man who does not stop even though he may be tired.
C. He is likening the young man to a horse that is not yet ready to ride or work because he has not been prepared by the seasoned older man yet, but once started, he will not let his trainer down.
D. He is saying that the young man is not yet ready for instruction and should be assigned new projects where he can use his youth and vitality exclusively.

278. What is the main idea of the passage?
A. Retention of older men preserves the business to older clients.
B. There is a certain business savvy than can be accomplished only over time.
C. New strategies and ventures are best implemented with the younger men in control.
D. Here is more opportunity for business success when young men control.

<u>PASSAGE 13:</u>

Matagal na, Huwan
matagal nang ipokrito ang laro mong ito
matagal nang ika'y may trono sa impyerno
at nilulumot na ang kapwa mo tao
sa iyo, lumang tugtugin na ang pag-ibig sa Diyos;
ang takot ay wala na't nilamon ng siglo,
ang ginto mong pader, malaya kay Kristo.

Natuwa ka sa iyong panalo
ang bahay mo'y pito, ang kotse ay walo
sa bahay-ampunan, sa "Mental Hospital",
kaharap-harap mo, kamera't potograpo.

Nagagalit kang madaya ng iba;
napopoot kang madaig sa kita
bago ang maskara'y suut-suot mo na
at ang simbaha'y ginawa mong bangketa.

Paluhud-luhod ka kung Linggo't Huwebes Santos,
Tapos duduran mo ang pulubi sa kanto
magmumura ka't manloloko ng tao
nasisikmura mo ang ganitong serbisyo?

Huwan, O Huwan!
Bakit? O bakit ba?
Ang magandang larawan ginawa mong dikdikan.
Dapat bang isigaw at ipagbulgaran...

\- *May Plastik ang Mundo*, Odie Cruz Lacsamana

279. Ang ipinahihiwatig ng pamagat ay
A. nagkalat ang mga huwad na bagay sa ating kapaligiran.
B. laganap ang pagbabalatkayo sa ating bansa.
C. laganap ang mapagkunwari sa iba't-ibang panig ng daigdig.
D. puro huwad ang makikita natin sa ating paligid.

280. Ano ang tinutukoy ng may-akda sa mga salitang <u>ipokrito ang laro</u> sa unang talata?


A. pagpapakita ng huwad na kabutihan
B. pagpapakita ng pagkapalalo
C. pagpapakita ng pagkagahaman
D. pagpapakita ng pagkamapang-api

281. Sino sa mga sumusunod ang nalalapit sa tinutukoy na Juan sa Tula?
A. Pilipinong magnanakaw
B. mga negosyanteng dayuhan
C. mapagbalatkayong pinuno ng pamahalaan
D. karaniwang mamamayang Pilipino

282. Ano ang ibig sabihin ng may-akda sa mga salitang <u>lumang tugtugin na ang pag-ibig sa Diyos</u> sa unang talata?
A. hindi na kawili-wiling pakinggan ang mga awiting pansimbahan
B. kailangang palitan na ang mga awiting pansimbahan
C. ayaw nang makinig sa awiting pansimbahan
D. hindi na napapanahon ang paggawa ng kabutihan

283. Ang mga sumusunod ay mga kapintasan ng persona sa tula maliban sa isa
A. makasarili
B. mapagkunwari
C. subersibo
D. mapanghamak

<u>PASSAGE 14:</u>




284. Which of the following is NOT shown in the strip?
A. Calvin wants to buy cigarettes.
B. Calvin's mom gave him a cigarette.
C. Calvin has learned the effects of smoking.
D. Calvin is too young to buy cigarettes.

285. What is Calvin complaining about?
A. His mother has given him an old cigarette.

B. He can't find any cigarettes.
C. He doesn't have enough money to buy cigarettes.
D. He won't be able to buy cigarettes before he is eighteen.

286. The tiger in the fifth frame expresses
A. anger. B. surprise. C. disbelief. D. annoyance.

287. The main purpose of the strip is
A. to criticize. B. to explain. C. to entertain. D. to inform.

288. It can be inferred from the dialogue that
A. Calvin enjoyed smoking.
B. Calvin was grateful to his mother.
C. Calvin didn't really understand what his mother was trying to teach him.
D. Calvin would brag about how cool his mother was to give him cigarettes.

289. Why did Calvin describe his mother as *cool*?
A. She was very calm and forgiving.
B. She indulged his desire of having a cigarette.
C. She kept old things for emergencies.
D. She dressed and acted like a teenager.

290. The mother gave her son a cigarette to
A. stop him from annoying him.
B. get rid of the old cigarettes at home.
C. indulge her son's whim.
D. let him learn on his own the effects of smoking.

PASSAGE 15:

The student's biggest problem was a slave mentality which had been built into him by years of carrot-and-whip grading, a mule mentality which said, "If you don't whip me, I won't work." He didn't get whipped. He didn't work. And the cart of civilization, which he supposedly was being trained to pull, was just going to have to creak along a little slower without him.

This is a tragedy, however, only if you presume that the cart of civilization, "the system", is pulled by mules. This is a common, vocational, "location" point of view, but it's not the true learning's attitude. True learning's attitude is that civilization, or " the system ", or "society", or whatever you want to call it, is best served not by mules but by free men. The purpose of abolishing grades and degrees is not to punish mules or to get rid of them, but to provide an environment in which that mule can turn into a free man.

The hypothetical student, still a mule, would drift around for a while. He would get another kind of education quite as valuable as the one he'd abandoned, in what used to be called the "school of hard knocks." Instead of wasting money and time as a high-status mule, he would now have to get a job as a low-status mule, maybe as a mechanic. Actually his real status would go up. He would be making a contribution for a change. Maybe that's what he would do for the rest of his life. Maybe he'd found his level. But don't count on it.

In time six months; five years, perhaps a change could easily begin to take place. He would become less and less satisfied with a kind of dumb, day-to-day shop work. His creative intelligence, stifled by too much theory and too many grades in college, would now become re-awakened by the boredom of the shop.

So he would come back to our degreeless and gradeless school, but with a difference. He'd no longer be a grade-motivated person. He'd be a knowledge-motivated person. He would need no external pushing to learn. His push would come from inside. He'd be a free man.

- *Zen and The Art of Motorcycle Maintenance*
Robert Pirsig

291. What is the main point of the passage?
A. The overall academic system should be free from grades.
B. The pressures of grades and academics put too much pressure on students, turning them into figurative mules.
C. The hypothetical student tends to be naturally stubborn, like a mule.
D. A low-status mule is more creative than a high-status mule.

292. What is being referred to as the high-status mule in the passage?
   A. Students who generally do not perform well in academics.
   B. Students who are intellectually gifted but slack off from school work.
   C. Students who put too much focus on the pressures of academics instead of on the passion for the knowledge instilled on them.
   D. Students who were once low-status mules who worked harder to gain higher status.

293. In the passage, the free man referred to
   A. someone who works and studies purely for the passion of the field.
   B. someone who became a mechanic out of academic frustration.
   C. someone who easily gets bored of mundane work, like one in a machine shop.
   D. someone who cannot afford a high-status job that belongs to high-status mules.

294. The purpose of this passage is to
   A. convince the reader.
   B. amuse the reader.
   C. educate the reader.
   D. enlighten the reader.

295. Which subject or field can this passage be most appropriately classified in?
   A. History
   B. Philosophy
   C. Literature
   D. Psychology